

SUMMATIVE TEST 4

FILIPINO 4

NAME: _____ DATE: _____
SECTION: _____ TEACHER: _____

I. Piliin ang tamang sagot. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong at piliin ang tamang sagot. Isulat ang titik ng sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang layunin ng **liham pasasalamat**?
 - a. Magpahayag ng reklamo sa isang tao
 - b. Magpasalamat sa kabutihang natanggap mula sa iba
 - c. Humingi ng pahintulot sa isang okasyon
 - d. Magpaalam sa isang kaibigan
2. Ano ang pangunahing bahagi ng liham kung saan isinasaad ang dahilan ng pagsulat?
 - a. Pamuhatan
 - b. Katawan ng liham
 - c. Bating panimula
 - d. Lagda
3. Ano ang gamit ng **pangatnig** sa pangungusap?
 - a. Nagpapakita ng kilos ng pandiwa
 - b. Naguugnay ng dalawang salita, parirala, o sugnay
 - c. Nagpapahayag ng damdamin
 - d. Nagbibigay ng panuto
4. Alin sa sumusunod ang halimbawa ng **pangatnig na magkatimbang**?
 - a. dahil sa
 - b. kaya
 - c. at
 - d. kung
5. Ano ang pangunahing layunin ng isang **aklat**?
 - a. Magbigay ng aliw sa mambabasa
 - b. Magsilbing gabay sa mga paksang nais matutunan
 - c. Magsilbing pampalipas oras lamang
 - d. Magsaad ng sariling opinyon ng manunulat

II. Punan ang patlang ng tamang sagot upang mabuo ang pangungusap.

 Piliin ang sagot mula sa kahon.

pahina ng pamagat

indeks

pabalat

bibliyograpiya

liham pangkaibigan

6. Ang _____ ay ang bahagi ng aklat na naglalaman ng talaan ng mga paksa at pahina kung saan ito matatagpuan.
7. Ang _____ ay nagbibigay proteksyon sa isang aklat at karaniwang naglalaman ng pamagat at pangalan ng may-akda.
8. Ang _____ ay isang liham na isinulat upang kumustahin ang isang kaibigan o kamag-anak.
9. Ang _____ ay bahagi ng aklat na naglalaman ng talaan ng mga ginamit na sanggunian.
10. Ang _____ ay bahagi ng aklat kung saan nakasaad ang pamagat at pangalan ng may-akda.

SUMMATIVE TEST 4 FILIPINO 4

III. Tukuyin kung ang pangungusap ay gumagamit ng pangatnig na magkatimbang (M) o di-magkatimbang (DM).

 Isulat ang **M** kung magkatimbang at **DM** kung di-magkatimbang.

11. Nagpunta sa bayan si Lorna **at** bumili ng mga gamit sa paaralan. _____
12. Hindi kami nakapunta sa handaan **dahil** malakas ang ulan. _____
13. **Ngunit** hindi sumang-ayon si Miguel sa kanilang desisyon. _____
14. Nag-aral siyang mabuti **kaya** mataas ang nakuha niyang marka. _____
15. Pumunta ako sa palengke **at** bumili ng prutas. _____

IV. Pagtukoy sa bahagi ng liham.

16. **Mahal kong Lolo at Lola,**
(Ano ang bahagi ng liham na ito?)
17. **Lubos akong nagpapasalamat sa inyo sa pag-aalaga sa akin tuwing bakasyon.**
(Ano ang bahagi ng liham na ito?)
18. **Inyong Apo,**
(Ano ang bahagi ng liham na ito?)
19. **Juan Dela Cruz**
(Ano ang bahagi ng liham na ito?)
20. **#25 Brgy. Maligaya, Santa Rosa, Laguna, Hunyo 10, 2024**
(Ano ang bahagi ng liham na ito?)

SAGOT SA PAGSUSULIT

1. **b**
2. **b**
3. **b**
4. **c**
5. **b**
6. **indeks**
7. **pabalat**
8. **liham pangkaibigan**
9. **bibliyograpiya**
10. **pahina ng pamagat**
11. **M**
12. **DM**
13. **DM**
14. **DM**
15. **M**
16. **Bating Panimula**
17. **Katawan ng Liham**
18. **Bating Pangwakas**
19. **Lagda**
20. **Pamuhatan**

TABLE OF SPECIFICATIONS

Learning Competencies	No. of Days	Percent age	No. of Items	Item Placement Under Each Cognitive Domains					
				Remembering	Understanding	Applying	Analyzing	Evaluating	Creating
Nakabubuo ng teksto batay sa iba't ibang layon ng akademiya at transaksiyonal na teksto. liham pangkaibigan (pasasalamat) Nagagamit ang angkop na wika sa pagpapahayag na isinasaalang-alang ang edad, kasarian, paksa, at kultura sa iba't ibang sitwasyon: • pakikipag-usap sa kasapi ng pamilya (pagpapaalam, pag-uutos, paghingi ng paumanhin, pagsali sa usapan ng mga may edad) Nagagamit ang mga bahagi ng panalita sa pagpapahayag a. Pangatnig na Magkatimbang at Di-Magkatimbang	5	50%	10						
Nagagamit ang angkop na diksiyon (kaangkupan ng salita/retorika at estilo) sa pagpapahayag ayon sa: a. ayon (magsalaysay at maglahad) b. kahulugan c. tagapakinig/ tagapanood/ mambabasa d. konteksto (Kapistahan at Pambansang Pistang Opisyal) e. tono at damdamin Nagagamit ang pangkalahatang kayarian ng teksto sa pagbuo ng diskurso. a. nagsasalaysay (mito, epiko, kuwentong kababalaghan, at tulang pambata) b. naglalahad (pagsusunod-sunod sa panuto, hakbang, at proseso) Nakabubuo ng tekstong may mga panandang nag-uugnay ng mga ideya ayon sa layon, kahulugan, tagapakinig/mambabasa, at konteksto. a. tekstong naratibo (mito, epiko, kuwentong kababalaghan, at tulang pambata) b. tekstong impormatibo (pagsunod-sunod sa panuto, hakbang, at proseso) Nagagamit ang mga bahagi ng aklat bilang isa sa pangkalahatang sanggunian (indeks, apendiks).	5	50%	10	1 2 3 4 5	16 17 18 19 20		6 7 8 9 10 11 12 13 14 15		
TOTAL	10	100%	20						

